Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 7 NG MARSO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 114-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NG HALAGANG APATNAPUNG MILYONG PISO (P40,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG SANTA CRUZ DAM AT HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10,000,000.00) PARA SA PAGSASAAYOS AT PAGPAPAKUMPUNI NG MGA PATUBIGAN (IRRIGATION CANALS) SA NASASAKUPAN NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* binigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasaayos ng mga umiiral na pagawaing bayan upang matamo ang maayos na pagsasakatuparan ng mga programang pansakahan, panlipunan, pangkalusugan at pangkabuhayan na pangunahing isinusulong ng ating bansa sa kasalukuyan;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Santa Cruz ay sumasakop nang malaking bahagi ng lupang pansakahan na ang tanging pinagkukunan ng tubig-irigasyon ay ang Santa Cruz Dam;

SAPAGKA'T, lubhang malaki ang pagkasira ng naturang dam, gayundin ang mga kanal –irigasyong pinagdadaluyan ng tubig na nagdudulot ng malaking epekto at suliranin sa panig ng mga magsasaka;

SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang maipagawa at maisaayos ang naturang dam at mga kanal-irigasyon sa bayang ito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Kgg. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na hilingin sa Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Republika ng Pilipinas na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna ng halagang P40,000,000.00 para sa pagpapagawa ng Santa Cruz Dam at P10,000,000.00 para sa pagsasaayos at pagpapakumpuni ng mga patubigan (irrigation canals) sa nasasakupan ng bayang ito.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 114-T'2001)

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria Macapagal Arroyo. Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinunong Pansakahan, lahat sa bayang ito. para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan